



PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

Espesyal na Isyu



KANLURAN GITNANG LUZON



BAGONG HUKBONG BAYAN

2021 Mayo

Paaglilinanaw hinggil sa RHB: PARA-MILITAR, INSTUMENTO NG ESTADO, KALABAN NG MAMAMAYAN



"Original ba kayo?" Karaniwang tanong ito ng masa sa mga kasamang bago pa lamang nila na nakakaharap. "Kung may orig, mayroon kasing peke," dagdag pa nila. Ang pinapatungkulan ng masa na peke ay ang mga Rebolusyonaryong Hukbong Bayan o RHB.

Sa Zambalez, Bataan at Pampanga ay tinatawag nilang "kabayo" o Red Horse Beer ang mga kasapi ng RHB. Lagi kasi nilang nakikita noon ang RHB sa mga inuman at karaniwan ay lasing pa na nakikipag-usap sa masa.

Ilang panahon na ring walang balita sa RHB. Gayunman, nananatili itong banta sa seguridad ng masa at sagabal sa mabilis na pagbuo ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Mga ka-Bigwas, inilalathala ng CPP-NPA - Zambales ang artikulong ito para sariwain nating muli ang tinding at suri ng Partido Komunista ng Pilipinas hinggil sa RHB.

1.) ANO ANG RHB?

Ang Rebolusyunaryong

Hukbong Bayan (RHB) ay ang armadong grupo na itinayo ng Marxista-Leninistang Partido ng Pilipinas (MLPP) sa Gitnang Luzon noong 1997.

Ang grupong ito ay binubuo ng mga dating kasapi ng CPP-NPA na itiniwalag dahil sa hindi nila pagtalima sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto na inilunsad sa pambansang antas noong 1992.

Gitt nila, mala-

kapitalista na ang lipunang Pilipino - - mekanisado na ang agrikultura, urbanisado, may modernong industriya at pinakamarami na sa populasyon ay mga manggagawa. Binitawan nila ang pampulitikang linya ng demokratikong rebolusyong bayan at ang estratehiya ng matagalang digmang bayan. Itinatangi nila ang pangunahing papel ng mga magsasaka para maipagtagumpay ang digmang bayan. Sa gayon, ligal at parlamentaryo na ang pangunahing anyo ng kanilang pakikibaka na nakatuon sa mga sentrong bayan at kalunsuran. Ang armadong paglaban ay sekundaryo at suportang lamang sa pakikibakang ligal.

2. BAKIT TINUTURING ANG RHB NA KONTRA-REBOLUSYONARYO?

Ang rebisyunistang linya na isinusulong ng MLPP-RHB ay panlilinlang, at sa katunayan ay kontra-rebolusyon. Inililinis nito ang masa sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan na siyang tanging solusyon sa krisis ng lipunang malakolonyal-malapyudal. Kalaunan, tahasan itong nakipagkutsabahan sa reaksyunaryong AFP sa gawaing paniktik at aktwal na operasyong kombat laban sa NPA at mamamayan. Pinangangalagaan at tinataguyod nito kung ganon ang estado poder na nilalayong ibagsak ng armadong pakikibaka ng sambayanan Pilipino.

Sa Zambales, Pampanga at Bataan, tumatak sa masa ang pagiging rebeldeng lagalag ng grupong ito. Nangingikil sa mga propetaryo ng palaisdaan, opereytor ng kwari, mga pwesto sa palengke, at maging sa maliliit na tindahan sa baryo. Tumatanggap ng bayad para pumaslang. Pumapatay nang walang makatarungang dahilan.

Sa ilalim ng rehimeng US-Estrada, pormal na pumirma ang RHB sa kasunduan ng pagsuko at pakikipagtulungan sa reaksyunaryong gubyrerno. Kagaya ng iba pang grupong kontra-rebolusyonaryo at para-militar gaya ng RPA-ABB na pinaminiuan nina Nilo de la Cruz at Arturo Tabara, at dating CPLA na pinamunuan ni Conrado Balwig, ang RHB ay tuluyan ng nabulok sa kangkungan ng kasaysayan.

MGA TINIWALAG SA CPP-NPA NOONG 1997

1. **OLIVE** - Caridad Magpantay
2. **BILL** - Luisito dela Cruz
3. **NICOLAS MAGDANGAL** - Frank Pascual
4. **REDAR** - Bartolome Quizon
5. **ANSEL** - Victorino Serrano
6. **INES** - Lolita Serrano
7. **CHITO** - Geronimo Pacetes
8. **BENNY** - Teodorico Ang
9. **FIDEL** - Ernesto Adriano

Ang kinahinatnan ng RHB ay patunay sa maling linya na tinahak nito at ng iba pang mga rebisyunistang nagtaksil sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Sa kabilang banda, patunayan naman nito ang kawastuhan ng linya ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba, ng estratehiya ng matagalang digmang bayan, at higit sa lahat, ang pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas sa rebolusyong Pilipino.



3. PAANO HINAHARAP NG CPP-NPA ANG RHB?

Ang RHB bilang armadong grupo na nagsasagawa ng bandidong aktibidad laban sa masa, at gumaganap na para-militar ng AFP ay lehitimong target ng aksyong militar ng NPA at masa.

Kalakhan sa kanilang mga lider ay matagal ng sumurender sa AFP gaya nina Alfonso Reyes aka Manny, Bernie Tariktikan aka Pepe at Omar. Manzano. Ang mga ito ay nakipagkompromiso na sa AFP para sa mga personal na pabor kapalit ng kontra-mamamayang aktibidad. Sila ay lehitimong target din ng aksyong militar ng NPA at masa.

Ang mga indibidwal na kasapi, o dating kasapi ng RHB ay iniimbistigahan kaugnay sa kanilang partisipasyon sa mga aktibidad na kontra-mamamayan at kontra-rebolusyonaryong kilusan. Ang mga napatunayang nagkasala ay hahatulan batay sa bigat ng krimen na kanilang nagawa.

Gayunman, bukas ang CPP-NPA na magbigay ng pagkakataon sa mga kasapi at dating kasapi ng RHB. Kailangan lang nilang matapat na maglahad ng kanilang mga kinasasangkutan, humingi ng kapatawaran sa masa at tuluyan ng bumaklas sa RHB.

Bilang patakarang pang-organisasyon, tungkulin ng CPP-NPA ang puspusing pampulitikang paglalantad sa kontra-mamamayan at kontra-rebolusyonaryong linya ng MLP-P-RHB at mga grupong kahaiintulad nila.

4. PAANO DAPAT PAKITUNGUHAN NG MASA ANG RHB?

Ang RHB ay ahente sa paniktik at operasyong militar ng estado. Bagamat wala na itong makabuluhang papel sa pulitika, anumang oras ay pwede itong buing muli ng reaksyunaryong gubyrno para manggulo sa baseng masa. Anumang oras ay maari itong armasan at pondohan ng AFP para gamitin sa paghahasik ng terorismo laban sa mamamayan. Huwag tangkilikin. Huwag patuluyin. Kalaban sila ng mamamayan. Puspusan silang ilantad at ihiwalay sa malawak na masa.

Kagaya ng AFP, PNP at mga grupong para-militar ng naghaharing estado, sila ay instrumento ng naghaharing uri sa pangangamkam ng lupa at kabuhayan ang masa. Walang pagdadalawang loob nilang dadahasin ang masa para angkinin ang walang hanggang yaman na nais nila, may NPA man o wala sa lugar.

Sa mga kasapi, dating kasapi o aktibo pang kaugnayan ng RHB, kailangang panatilihin ng masa ang pagmamatyag at pagiging alerto. Propagandahan sila. Bigyan ng pampulitikang edukasyon. Hamigin sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan.

5.) PAANO MAPAG-IIBA NG MASA ANG NPA SA MGA NAGPAPANGGAP NA REBOLUSYONARYO GAYA NG RHB?

Kahit sa unang pagdadaop pa lamang ng NPA at masa ay agad ng napag-iiba ng masa ang NPA bilang kanilang tunay na Hukbo kumpara sa mga armadong grupong nagpapanggap. Isinasabuhay ng NPA ang mulat na disiplinang bakal sa lahat ng pagkilos nito at laging ipinapatuna ang interes ng masa. Maihahambing ang ugnayan ng masa at NPA sa lupa at binhi - - hindi makapagpapayabong sa sarili lang, kundi sadyang nakabatay sa isat isa.

Sa tuwirang pamamatnugot ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang NPA ay buong tapang na lumalaban hindi lamang sa mga reaksyunaryong kaaway, kundi maging sa mga maling kaisipan sa loob nito. Bilang tapat na lingkod ng masa, wala itong takot na magpuna sa mga kahinaan, umako ng panagutan at iwasto ang mga kahinaan. Puspusan nitong itinatawkil ang lahat ng makasarili, kontra-mamamayang mga pananaw at gawi dahil determinado itong ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyon bayan hanggang sa susunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon. 🙏

